

MAKATUWIRANG TULONG
Mga Madalas Itanong

Ano ang makatuwirang tulong?

Ang isang taong may kapansanan ay maaaring mangailangan ng mga espesyal na tulong upang magkaroon ng patas na access sa mga programang pinapatakbo ng Alameda Housing Authority (AHA o Awtoridad sa Pabahay ng Alameda). Kasama sa mga uri ng mga makatuwirang tulong na maibibigay ng AHA ang mga pagbabago, pagbubukod o pagsasaayos sa panuntunan, patakaran, kasanayan o serbisyo. Ang isang taong may kapansanan na nangangailangan ng tulong dahil sa kanyang kapansanan ay maaaring humiling ng makatuwirang tulong anumang oras.

Paano ako hihiling ng makatuwirang tulong?

Kung isinaad ng aplikante o ng kalahok na kailangan ng pagbubukod, pagbabago o pagsasaayos sa panuntunan, patakaran, kasanayan o serbisyo dahil sa kapansanan, iniaatas ng HUD na ituring ng AHA ang impormasyon bilang kahilingan para sa makatuwirang tulong, kahit na walang ginawang pormal na kahilingan. Maaari kang humiling ng makatuwirang tulong nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat, ngunit hinihikayat ng AHA na gawin mo ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat gamit ang form ng kahilingan para sa makatuwirang tulong. Kakailanganin mong bigyan ang AHA ng pahintulot upang makakuha ng impormasyon mula sa isang dalubhasang propesyonal, at kasama sa form na ito ang pahintulot na iyon.

Dadalhin ko ba ang form ng kahilingan sa aking doktor o kukuha ba ako ng liham mula sa aking doktor?

Hindi. Dapat mong ibalik ang nasagutang form ng kahilingan sa tanggapan ng AHA sa: 701 Atlantic Avenue, Alameda, CA 94501, sa pamamagitan ng pagfa-fax sa (844) 327-5415 o sa pamamagitan ng e-mail RA@alamedahsg.org.

Paano papatunayan ang aking kapansanan?

Dapat makakuha ng pagpapatunay ng third-party mula sa tutukuyin mong indibidwal na may kakayahang patunayan ang iyong kapansanan. Maaaring magbigay ng pagpapatunay ng kapansanan ang isang doktor o iba pang dalubhasang propesyonal na nararapat na may alam tungkol sa iyong kapansanan. Tutulong ang propesyonal na ito sa pagpapatunay na may koneksyon o kaugnayan ang hinihiling na tulong at ang iyong kapansanan. **HUWAG magbigay ng mga medikal na tala.** Hindi tatanggapin o isasama sa iyong file ang mga medikal na tala.

Inaatasan ba ang Awtoridad sa Pabahay na aprubahan ang aking kahilingan?

Hindi. Gayunpaman, dapat aprubahan ng AHA ang isang kahilingan para sa tulong kung matutugunan ang tatlong kundisyon: 1) ang kahilingan ay ginawa ng taong may kapansanan o sa ngalan niya, 2) mayroong pangangailangan para sa tulong na nauugnay sa kapansanan, at 3) makatuwiran ang hinihiling na tulong, ibig sabihin ay hindi ito magdudulot ng labis-labis na pampinansyal at pang-administratibong tungkulin sa AHA, o lubos na makakabago sa paraan ng pagpapatukbo ng AHA (kasama ang tungkuling sumunod sa mga kinakailangan at regulasyon ng HUD).

Gaano katagal bago ko malaman kung naaprubahan o natanggihan ang aking kahilingan?

Pagkatapos magbigay ng kahilingan para sa tulong, tutugon ang AHA, sa pamamagitan ng pagsulat, sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo mula sa petsa kung kailan nakatanggap ng pagpapatunay ng kapansanan mula sa isang dalubhasang propesyonal.

